MGA TULA

Tula Tungkol sa Pasko: 6 na Halimbawa

Anim na orihinal na tula tungkol sa Pasko, may sukat, tugma at bilang ng saknong. Malayang gamitin sa klase; banggitin ang akingmaiklingkwento.com.

1. Parol sa Bintana

Sa may bintanang maliit
may parol na nakasabit,
kawayan, papel, pandikit,
at liwanag na kay init.

Pula't dilaw niyang kulay,
umiikot, sumasabay
sa awitan ng kapitbahay
hanggang hatinggabi'y buhay.

Hamon ay wala sa hapag,
subalit puno ng halakhak;
pansit, puto at salabat,
sapat na sa aming lahat.

Kaya kahit maliit man
ang ilaw ng aming tahanan,
ay bituing tinitingnan
tuwing gabi ng Kapaskuhan.

4 saknong · 8 pantig · tugma: -it, -ay, -at, -an

2. Simbang Gabi

Madilim pa'ng langit, gising na ang nayon,
may tilaok ng manok, kampanang tumugon;
si Lola'y una na sa daang maambon,
kaming magkapatid, antok pa'y bumangon.

Paglabas ng simbahan, amoy ang bibingka,
kapeng mainit pa sa tasang de-lata;
binilhan ni Lola kaming tig-iisa.
Kapag nabuo raw ang siyam na misa,

matutupad na raw ang lihim kong hiling;
kaya't kahit antok, kahit na madilim,
bumabangon ako sa hamog at hangin:
na sa susunod pa, si Lola'y kapiling.

3 saknong · 12 pantig (hati sa ika-6) · tugma: -on, -a, -ing

3. Sa Sabsaban

Walang silid na tuluyan,
kaya't sa isang sabsaban
isinilang, binalutan
sa lampin, ang Kaligtasan.

Tatlong haring naglalakbay
sinundan ang talang gabay;
kamanyang, ginto ang alay
sa Sanggol na hari ng buhay.

Ngayong Pasko, tanong ito:
may silid ba sa puso mo
sa dukha, maysakit, dayo,
na hinahanap ni Kristo?

3 saknong · 8 pantig · tugma: -an, -ay, -o

4. Namamasko Po

Tok, tok, tok! Namamasko po!
Lata't takip ang tambol ko,
kumakanta, buong puso,
sa harapan ng inyong pinto.

Kung may barya, salamat po;
kung wala, salamat din po;
ang awit ay regalo ko,
Maligayang Pasko sa 'nyo!

2 saknong · 8 pantig · tugma: -o

5. Balikbayan Box

Dumating noong ikalimang araw ng Disyembre
ang kahong may pangalan namin,
nakasulat sa marker, malalaki ang titik,
parang sigaw mula sa Riyadh.

Sa loob: tsokolateng natunaw at tumigas muli,
sabong panlaba, de-lata, tatlong pares ng sapatos
na mas malaki nang isang numero,
"para lumaki ka pa," sabi ni Mama sa video call.

Inamoy ko ang t-shirt sa pinakailalim.
Amoy-pabango ng ibang bansa,
pero sa kuwelyo, si Mama pa rin.

Kumpleto ang regalo ngayong Pasko.
Isa lang ang hindi nagkasya sa kahon.

Malayang taludturan · 4 na saknong · walang sukat at tugma

6. Dalawang tanagang pamasko

PAROL
Bituing gawa ng kamay
sa labas ng aming bahay,
tanglaw na di namatay
sa bagyo man at lumbay.

HATINGGABI
Hatinggabi'y nagtipon
ang pamilyang naroon;
kaunting keso't hamon,
busog ang puso ngayon.

Tanaga · 4 na taludtod · 7 pantig · iisang tugma

Gawain

1. Bilangin ang pantig ng unang taludtod ng "Parol sa Bintana". Ilan?

2. Saan matatagpuan ang sesura sa "Simbang Gabi"? Isulat ang dalawang bahagi ng unang taludtod.

3. Anong tanong ang iniiwan ng "Sa Sabsaban" sa mambabasa? Sagutin sa 2–3 pangungusap.

4. Bakit malayang taludturan ang "Balikbayan Box"? Ano ang ibig sabihin ng huling taludtod?

5. Sumulat ng sariling tanaga tungkol sa Pasko (4 na taludtod, 7 pantig, iisang tugma).

Mga sagot

1. 8 pantig: Sa-may-bin-ta-nang-ma-li-it.

2. Pagkatapos ng ikaanim na pantig: "Madilim pa'ng langit" / "gising na ang nayon".

3. Kung may silid ba sa ating puso para sa dukha, maysakit at dayo, gaya ng paghahanap ni Kristo ng silid nang Siya'y isilang.

4. Walang sukat at tugma; nakasandig sa detalye. Ang ina mismo ang hindi kasya sa kahon: siya ang kulang ngayong Pasko.

5. Iba-iba ang sagot. Tiyaking 7 pantig bawat taludtod at iisa ang tugma.